

Umiiral at nakaplanong mga hakbang sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Kagawaran ng Katarungan (kabilang ang Kalihim para sa Opisina ng Katarungan)

Ang alituntunin ng batas ay ang pamantayan ng aming komundiad. Ito rin ang pundasyon ng tagumpay ng Hong Kong bilang isang nangungunang internasyonal na sentro ng pananalapi. Malaki ang gingampanang papel ng Kagawaran ng Katarungan sa aming sistemang ligal. Nagbibigay ang Kagawaran ng ligal na payo sa iba pang tanggapan at mga kagawaran ng Gobyerno, kumakatawan sa Gobyerno sa mga ligal na paglilitis, naglalabas ng mga panukalang batas ng gobyerno, gumagawa ng mga desisyon sa pag-uusig, at nagtataguyod ng panuntunan ng batas. Ito ay isang mahalagang layunin ng patakaran ng Kagawaran upang mapagbuti ang katayuan ng Hong Kong bilang isang pangrehiyong sentro para sa mga ligal na serbisyo at resolusyon sa alitan.

Mga Hinggil na Serbisyo

- Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring gumawa ng mga pangkalahatang katanungan / komento sa aming kagawaran sa pamamagitan ng aming pangkalahatang hotline ng pagtatanong, email, fax at post.
- Ang mga miyembro ng publiko at ng ligal na propesyon ay maaaring maghatid o magsumite ng mga dokumento ng korte at iba pang mga sulat sa mga usapin na hinawakan ng Dibisyong Sibil (Civil Division) at Dibisyon ng Pag-uusig (Prosecutions Division) sa kani-kanilang mga counter sa pagtanggap at magbayad sa Opisina ng Shroff.

Mga Umiral na Panukala

- Ang aming mga serbisyo ay walang kinikilingan patungkol sa lahi at inihahatid sa parehong Tsino at Ingles. Ang serbisyo sa pagsasalin ay isasaayos para sa mga nakasulat na tugon sa mga papasok na sulat sa (mga) banyagang wika kung kinakailangan at naaangkop.

Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap

- Ang aming mga serbisyo ay susuriin paminsan-minsan at pagbubutihin kung saan kinakailangan, na may layuning matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao ng iba't ibang lahi.

Mga
Karagdagang
Panukalang
Ginawa/Gagawin

- Ang data at mga istatistika (hindi personal na data) sa paggamit ng mga serbisyo ng mga tao ng magkakaibang lahi ay makokolekta para sa pagtatasa ng kanilang mga pangangailangan para sa iba pang mga serbisyo.
- Ang serbisyo sa pagbibigay ng kahulugan ay ihahanda kung saan kinakailangan at naaangkop sa pamamagitan ng Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER). Nagbibigay ang CHEER ng mga serbisyo sa pagbibigay kahulugan sa telepono sa walong wika, katulad ng Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese.
- Ang aming tauhan ay ihahanda upang sumailalim sa pagsasanay para mapahusay ang kanilang pagiging sensitibo at pag-unawa sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa pagbibigay ng mga serbisyo. Sila ay bibigyan ng kakayahan ng kinakailangang mga kasanayan at diskarte upang makapagtrabahong mabuti sa mga gumagamit ng serbisyo.

Para sa mga katanungan hinggil sa umiiral at nakaplanong mga panukala sa pagsususlong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay G Tommy SETO, Senior na Ehekutibong Opisyal (Administrasyon & Kaugnayan ng Tauhan) sa pamamagitan ng mga sumusunod na channel -

Nu. ng telepono : 3702 4100
Nu. Ng fax : 3702 0118
Email : ad@doj.gov.hk

Kagawaran ng Katarungan
Nobyembre 2023